# Ang Totoo, Raya, ang Ulan ay Luha ng Bituin

1. Ang Totoo, Raya, ang Ulan ay Luha ng Bituin
2. Ang Kama ay Malambot na Ulap
3. Ang mga Tuyong Dahon ay Pagkaing Masarap
4. Ako ay May Lobo
5. Si Tutubing Kayhirap Hulihin
6. Ang Buwan ay Itlog ng Butiki
7. Ang Asong May Pinakamagandang Laso
8. Ang Pusang Walang Siyam na Buhay
9. Malalaking Gagamba
10. Ang Totoo, Raya

**Ang Totoo, Raya, ang Ulan ay Luha ng Bituin**

Huwag kang mahihiyang lumuha
Kapag may sakit na hindi mahinuha
Kahit ang kabayo, nadadapa kung minsan
Ang mga aso’t pusa ay madalas masagasaan
Ang matalinong kuwago, minsa’y napupuwing
Nalalaglag ang matsing na bibitin-bitin
Ang butiki’y nahuhulog mula sa kisame
Nadudulas sa putik maging ang elepante
Ang matakaw na kalabaw sinasaktan ng sikmura
Binibiyak ang tiyan ng kawawang palaka
Ang mababangis na lobo’y laging nananaghoy
Pinupukol ang pipit sa sanga ng kahoy
Ang kahoy ay nagdurugo kapag sinusugatan
Lumuluha ang bituin kaya umuulan.

**Ang Kama ay Malambot na Ulap**

Ang kama ay malambot na ulap
Kumot at unan ay hibla ng alapaap
Kaylamyos ng tinig ng mga maya
Inaawitan ang kaygandang umaga

Subalit kailangan na nating bumangon
Maligo, magbihis, mag-almusal na ngayon
Maghanda sa pagpasok sa eskuwela sa nayon
Dahil may pagsusulit si Ginang Aseron

Ang kama ay malambot na ulap
Kaysarap matulog, panaginip ang kayakap
Ngunit mas masarap pumasok sa eskuwela
Karunungan ang gigising sa tulog na pag-asa.

**Ang mga Tuyong Dahon ay Pagkaing Masarap**

Masarap pagmasdan ang kapaligirang malinis
Walang basura't kalat, mga langaw na aali-aligid
Magwalis! Magwalis! Itaboy ang lamok at ipis!
Maglinis! Maglinis! Umiwas sa baktirya't sakit!

Subalit isang araw, mga tuyong dahon ay winawalis
Sa bakuran ng paaralan sa may puno ng Sipres
Nagsalita ang punongkahoy, mga bata'y gulat na gulat
"Bakit n'yo winawalis ang pagkain ng aking ugat?!"

Kaya mula noon, natuto silang maghukay
Ang basura't tuyong dahon sa hukay inihimlay
Ang mga basura at dahon kapag pala nalata
Para sa mga punongkahoy ay pagkaing sariwa.

**Ako ay May Lobo**

Ako ay may lobo
Pero ayaw kong paliparin sa langit
Dahil sabi ni titser
Kapag pumutok daw o umimpis
Malamang na sa dagat ito babagsak
At kapag ang mga isda ay ginawa itong isnak
Di matutunaw sa sikmura
At ang kawawang isda
Di na aabot pa sa talipapa!

**Si Tutubing Kayhirap Hulihin**

Dahan-dahan kong nilapitan ang tutubi sa sanga
Ang pang-ipit na hintuturo't hinlalaki'y inihanda na
Subalit hindi pa man ako nakalalapit sa kanya
Kinampay na niya ang pakpak at lumipad sa aplaya

Sinundan ko siya sa ibabaw ng bato sa may ilog
Tahimik akong lumapit at baka siya mabulabog
Ngunit sadya yatang malakas ang kanyang kutob
Sa aking mga palad, hindi ko siya nakulob.

Lumipad siya sa parang at aking hinabol
Lumipad paitaas sa tuktok ng burol
Saka bumulusok sa likod ng kalabaw
Hanggang sa hindi ko na siya matanaw

Palaisipan sa akin ang taglay niyang liksi
Kahit ano ang gawin ko, hindi ko siya mahuli
Nakikita niya ang bawat galaw ko at kilos
Nararamdaman niya munti mang kaluskos

Sa klase sa Agham ko natuklasan ang sagot
Kaya pala hindi ko siya madaklot-daklot
At nakikita niya agad akong sa kanya'y tumatabi
Laksa-laksa pala ang mata ng maliksing si Tutubi!

**Ang Buwan ay Itlog ng Butiki**

Noong ang kalawakan ay malapad pang kisame
At si Butiki ay isang marangal na prinsipe,
Siya ay nabighani sa mabining palaka
Na nakatira sa planetang kung tawagi'y Lupa.

Araw at gabi si Butiki'y nakatungo
Hinihintay tumingala si Palakang ginugusto
Subalit si Palaka ay abalang-abala sa Lupa
Pinapapak ang lamok na kumakagat sa mga bata

Sa gabi'y hindi makita ang lamok ni Palaka
Napapapak tuloy ang mga bata sa Lupa
Napatingala si Palaka sa kalawakan
At nahiling na sana siya ay tanglawan

Subalit isang gabi si Palaka ay nagtaka
Bakit gabing-gabi ay maliwanag pa?
Mga lamok ngayon ay kitang-kita
Di makapagtago, tepok sa kanya!

Mula nga noon, ay maliwanag na kapag gabi
May buwan nang nakatanglaw sa kanila parati
Tuwang-tuwa si Palaka, ang mga bata ay bumuti
Di na makapagtago ang mga lamok na peste

Ang hindi alam ni Palaka at walang nakababatid
Ang buwan ay handog ni Butiking sa kanya'y umiibig.

**Ang Asong May Pinakamagandang Laso**

Matalik na magkaibigan ang aso at ang katerpilar
Lagi silang magkasama sa lahat nang galaan
Pero isang araw, ang katerpilar ay nagdamdam
Ang kaibigang aso, ayaw kasi siyang samahan
"Sasali ako sa patimpalak," sabi ng aso sabay padyak.
"Lagi kang sumasali pero ang laso mo'y laging huli!"
Sigaw ni katerpilar na makabasag-tutuli.

Naghiwalay silang may samaan ng loob
Ang aso'y nagtungo sa pusod ng gubat
Naghanap ng orkidyang maaaring ipantapat
Sa mga laso ng kuting na kanyang katunggali
Sa mga kuting at pusang laging nagwawagi.
Samantala, ang katerpilar ay umusad-usad
Sa sanga ng Manggachapuy ito napadpad.

Pipitasin na sana ng aso ang nakitang orkidya
Nang biglang maalaala at matanto kung bakit
Ang kaibigang katerpilar ay nagpapasama.
Dali-dali siyang pumunta sa puno ng Manggachapuy
Pinilit niyang akyatin ang sanga ng punongkahoy
Subalit hindi na niya inabutan ang kaibigan
Nababalot na si katerpilar ng tila kumot na luntian

Dalawang linggo niyang binantayan ang kaibigan
Umuulan, kumukulog, kumikidlat sa kagubatan
Subalit nangako ang asong hindi pababayaan
Ang matalik na kaibigan, hinding-hindi iiwan

Sikat na ang araw subalit ang aso ay nakapikit
Nakaramdam siya sa balikat ng munting tapik
"Akala ko ba ay lalahok ka sa patimpalak?"
Bungad ng kaibigan habang inaayos ang pakpak
Isa na ngang monarkiyang paruparo
Ang matalik na kaibigan ng aso!

"Ngayong umaga na ang paligsahan,
Wala na akong panahong gumawa ng laso,
Alam mo naman siguro kung bakit,

matampuhing kaibigan ko,"
Naglulungkot-lungkutan ang kaibigang aso.
"Mabilis ka namang tumakbo, hali na, aabot pa tayo!"
Sabay sakay sa ulo ng aso ang kaibigang paruparo

Namangha ang lahat sa lugar ng patimpalak
Ang mga pusa at kuting ay napapalatak
Sabay-sabay silang naghatag ng masigabong palakpak
Sa ulunan ng aso ay nagmamagaling at galak na galak
Ang pinakamagandang lasong may sarikulay na pakpak!

**Ang Pusang Walang Siyam na Buhay**

Ang pusang walang siyam na buhay
Ay hinabol ng asong hindi kumakahol
Nakarating siya sa kural ng payat na baboy
Na kapitbahay ng kalabaw na walang sungay
Inabutan siya ng aso sa ilog na walang tubig
At nagpasaklolo sa Giraffe na maikli ang leeg
"Kung may bahay lang akong pagtataguan sa iyo,"
Sabat ng pagong na kakamot-kamot sa ulo
Subalit walang nagawa ang lahat nang hayop
Ang galit na aso, ang pusa'y dinaklot
Biglang nagising ang kawawang pusa,
"Salamat at ang panaginip,
Karaniwa'y baligtad pala!"

**Malalaking Gagamba**

Malalaking gagamba
Hindi umakyat sa sanga
Hindi dumating ang ulan
Hindi sila itinaboy
Hindi sumikat ang araw
Hindi lahat ay masaya
Malalaking gagamba
Hindi umakyat sa sanga.

**Ang Totoo, Raya**

Ang totoo, Raya, anak,
Anak ka ng uniberso.
Kapatid mo ang hangin
Ang ulan, ang gamugamo.
Ang kislap ng bituin
Ay kislap din sa mga mata mo;
Ang ugat ng mga puno
Ugat din ng kamay, paa at ulo
Ang tubig ng daigdig
Ay tubig ng katawan
Ang apoy ng araw
Ay liyab din ng puso
Anumang may buhay
Anumang may kulay
Anumang pumipintig

Ay iyong karamay.